

Pagtanggap sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Akdang Tula sa Filipino sa Panahon ng Digital na Teknolohiya

May Ann D. Medina ¹
1 – Golden Gate Colleges
Mayannmedina252627@gmail.com

Publication Date: May 22, 2026

DOI: [10.5281/zenodo.20337612](https://doi.org/10.5281/zenodo.20337612)

Abstrak

Nilalayon ng pag-aaral na ito na suriin ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa pagbasa ng akdang tula sa Filipino sa panahon ng digital na teknolohiya. Tinutukoy nito kung paano naaapektuhan ng makabagong midya ang kanilang pananaw, interes, kasanayan sa pag-unawa, at mga balakid na humahadlang sa pagpapahalaga sa panitikan. Gumamit ang mananaliksik ng palarawang disenyo ng pananaliksik (descriptive research design).

Ipinakita ng resulta na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng pagtanggap sa pagbabasa ng tula sa Filipino, partikular kapag ito ay ipinapakita sa digital na anyo. Ang paggamit ng internet ay nakatutulong sa pag-unawa ng malalalim na salita, habang ang mga digital na sanggunian ay nagiging mabisang kasangkapan sa paglinang ng malikhaing interpretasyon. Gayunpaman, napag-alaman din na ang teknolohiya ay maaaring magdulot ng distraksiyon sa oras at atensyon ng mga mag-aaral, at may kakulangan pa rin sa angkop na kagamitang pampanitikan. Sa kabila nito, nanatiling positibo ang pananaw ng mga mag-aaral sa tula bilang daluyan ng damdamin at pagpapahalaga sa wika. Batay sa mga natuklasan, binuo ng mananaliksik ang isang planong interbensyon upang higit na mapaunlad ang interes at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa pagbasa ng tula sa Filipino.

Mga Susing Salita: pagtanggap, tula, digital na teknolohiya, interes, pag-unawa, Filipino

INTRODUKSYON

Sa kasalukuyang panahon, malaki ang impluwensya ng digital na teknolohiya sa paraan ng pagkatuto at pagbabasa ng mga mag-aaral. Ang tradisyunal na pagbasa ng panitikan, partikular ang tula, ay nahaharap sa hamon dahil sa pag-usbong ng social media, video platforms, at iba pang digital na kagamitan. Bagama't nagiging mas accessible ang panitikan sa pamamagitan ng teknolohiya, nagkakaroon din ng pagbabago sa paraan ng pag-unawa at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa tula.

Ayon sa mga kaugnay na pag-aaral, ang panitikan ay mahalaga sa paghubog ng kultura, kamalayan, at pagpapahalaga ng mga mag-aaral. Gayunpaman, sa digital na panahon, nagiging hamon ang pagpapanatili ng interes ng kabataan sa pagbabasa ng tula dahil sa distraksiyon at mabilis na daloy ng impormasyon. Sa kabila nito, ipinapakita rin ng mga pag-aaral na ang paggamit ng multimedia at digital platforms ay maaaring magpataas ng interes at pag-unawa sa panitikan kung ito ay gagamitin nang maayos.

Ipinapakita ng mga pag-aaral nina Amtalao, Garcia, at Matbagan (2024) na ang panitikan ay mahalaga sa paghubog ng kamalayang kultural ng mga mag-aaral, lalo na kung ang mga tekstong ginagamit ay may kaugnayan sa kanilang karanasan. Binibigyang-diin naman ni Andrada (2022) ang pag-usbong ng digital na panitikan na nagbabago sa paraan ng paglikha at pagkonsumo ng mga akda sa pamamagitan ng online platforms.

Ayon kina Quitolbo at Pontemayor (2023), ang paggamit ng audio-visual materials ay nakapagpapataas ng interes at pag-unawa ng mga mag-aaral sa panitikan. Gayundin, binigyang-diin nina Supnet-De Guzman at Alajar (2025) ang kahalagahan ng guro sa epektibong integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo. Samantala, ipinapakita ni Angel (2019) na ang pag-unawa sa tula ay nangangailangan ng malalim na pagsusuri sa simbolismo at wika, na kadalasang nagiging hamon sa mga mag-aaral sa makabagong panahon.

Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa pagbasa ng akdang tula sa Filipino sa panahon ng digital na teknolohiya.

Partikular na sinagot ng pag-aaral ang mga sumusunod:

1. Ano ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa pagbasa ng tula batay sa kanilang pananaw at kaugnayan nito sa pang-araw-araw na buhay?
2. Paano naaapektuhan ng digital na teknolohiya ang kanilang interes, kasanayan sa pag-unawa, at malikhaing interpretasyon?
3. Ano ang mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagbasa ng tula?
4. Anong interbensyon ang maaaring imungkahi upang mapaunlad ang kanilang interes sa pagbasa ng tula?

Nilalayon ng pag-aaral na ito na matukoy ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa pagbasa ng akdang tula sa Filipino, masuri ang epekto ng digital na teknolohiya sa kanilang interes, pag-unawa, at malikhaing interpretasyon, matukoy ang mga suliraning kanilang



nararanasan sa pagbasa ng tula, at makabuo ng mungkahing interbensyon upang mapaunlad ang kanilang pagpapahalaga sa tula sa Filipino.

Metodolohiya

Ang pag-aaral na ito ay ginamit ang palarawang disenyo ng pananaliksik (descriptive research design). Ang pamamaraang ito ay angkop sapagkat layunin nitong ilarawan at suriin ang kasalukuyang kalagayan ng mga mag-aaral sa pagbasa ng akdang tula sa Filipino sa gitna ng mabilis na pag-unlad ng digital na teknolohiya.

Respondente ng Pag-aaral

Ang mga kalahok ay binubuo ng 30 mag-aaral mula sa HUMSS strand ng San Nicolas Integrated High School para sa taong panuruan 2024–2025. Gumamit ng purposive sampling upang piliin ang mga mag-aaral na may karanasan sa pagbasa ng tula.

Istrumento ng Pananaliksik

Ang pangunahing instrumento ay isang talatanungan (questionnaire) na binuo batay sa layunin ng pag-aaral. Nahati ito sa:

- Demograpikong impormasyon
- Pananaw at saloobin sa tula
- Epekto ng digital na teknolohiya
- Mga suliranin sa pagbasa

Gumamit ang mananaliksik ng apat (4)-na puntos na Likert Scale upang masukat ang antas ng pagtanggap at pananaw ng mga mag-aaral, kung saan ang mga pagpipilian ay: Lubos na Sumasang-ayon (4), Sumasang-ayon (3), Hindi Sumasang-ayon (2), at Lubos na Hindi Sumasang-ayon (1)

Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos

Ang talatanungan ay ipinamahagi sa pamamagitan ng Google Form, isang digital na platapormang nagbibigay ng mabilis, madali, at ligtas na paraan ng pangangalap ng datos. Ang link ng Google Form ay ipinadala sa mga kalahok sa pamamagitan ng kanilang opisyal na online communication channels ng paaralan. Binigyan sila ng sapat na panahon upang sagutin ang mga katanungan, at tinitiyak ng mananaliksik na ang lahat ng datos ay ginamit lamang para sa layunin ng pag-aaral.

Matapos makumpleto ng mga kalahok ang kanilang mga tugon, ang mga datos ay awtomatikong naitala at naipon sa Google Spreadsheet, kung saan isinailalim ito sa pagsusuri at interpretasyon. Isinagawa ang pagsusuri sa pamamagitan ng statistical treatment na naaayon sa layunin ng pag-aaral upang matukoy ang antas ng pagtanggap, interes, at mga balakid ng mga mag-aaral sa pagbasa ng akdang tula sa Filipino.

Data Analysis

Gumamit ng **frequency, percentage, at weighted mean** upang suriin ang datos at matukoy ang antas ng pagtanggap at epekto ng teknolohiya.

Results

1. Antas ng Pagtanggap sa Pagbasa ng Tula

Natuklasan na ang mga mag-aaral ay may **mataas na antas ng pagtanggap** sa pagbasa ng tula (AWM = 3.79).

- Pinakamataas: *Nagiging kawili-wili ang pag-aaral dahil sa interaktibong aktibidad* (3.83)
- Ipinapakita na epektibo ang digital na pamamaraan sa pagkatuto

Sa aspeto ng **pang-araw-araw na buhay**, mataas din ang pagtanggap (AWM = 3.79):

- Nauunawaan ang sarili sa pamamagitan ng tula (3.90)
 - Nakikita ang tula bilang makabuluhan sa buhay
-

2. Epekto ng Digital na Teknolohiya

2.1 Kawilihan sa Pagkatuto

- Mataas ang epekto ng digital format sa interes (AWM = 3.66)
- Pinakamataas: digital format ng tula (3.83)
- Mas naaakit ang mga mag-aaral kapag may multimedia

2.2 Kasanayan sa Pag-unawa

- Mataas ang epekto sa pag-unawa (AWM = 3.73)
- Pinakamataas: paggamit ng internet sa malalalim na salita (3.93)
- Nakakatulong ang online resources sa interpretasyon

2.3 Kritikal at Malikhaing Interpretasyon

- Mataas din ang resulta (AWM = 3.80)
 - Pinakamataas: paggamit ng digital references sa interpretasyon (3.87)
 - Nagiging mas malikhain ang mga mag-aaral
-

3. Mga Suliranin

Bagaman positibo ang resulta, natukoy ang mga sumusunod na hamon:

- Kahirapan sa malalalim na salita at simbolismo
 - Distraksiyon mula sa teknolohiya
 - Kakulangan sa angkop na materyales
-

Diskusyon

Ipinakita ng pag-aaral na ang digital na teknolohiya ay may positibong epekto sa pagtanggap ng mga mag-aaral sa pagbasa ng tula. Ang paggamit ng multimedia, online resources, at digital platforms ay nagpapataas ng kanilang interes, pag-unawa, at malikhaing interpretasyon.

Gayunpaman, may kaakibat itong hamon tulad ng distraksiyon at mababaw na pag-unawa kung hindi gagamitin nang wasto. Ipinapakita nito na mahalaga ang papel ng guro sa gabay at tamang paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo ng panitikan.

Ang resulta ay sumusuporta sa ideya na ang teknolohiya ay hindi hadlang kundi isang kasangkapan upang mapalalim ang pagkatuto kung ito ay gagamitin nang maayos.

Konklusyon

Sa kabuuan, ang mga mag-aaral ay may mataas na pagtanggap sa pagbasa ng tula sa digital na panahon. Nakatutulong ang teknolohiya sa pagpapataas ng kanilang interes at kasanayan, ngunit kinakailangan ng tamang gabay upang maiwasan ang mga negatibong epekto nito.

Inirerekomenda ang pagbuo ng mga interbensyon tulad ng digital-based learning activities, multimedia instruction, at guided reading strategies upang higit pang mapaunlad ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa tula sa Filipino.